

Hunyo 18, 2020

Importanteng abiso mula sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng California tungkol sa

Paggamit ng mga Panakip sa Mukha

Anong dapat malaman Inuutusan ang karamihang tao na magsuot ng panakip sa mukha, gaya ng mask, bandana, t-shirt o iba pang materyal na tumatakip sa kanilang ilong at bibig kapag nasa labas sila ng sarili nilang bahay.

Tumutulong ang mga panakip sa mukha upang maproteksiyunan kayo at ang iba pang tao mula sa pagkahawa sa COVID-19.

Ano ang nagbabago

Kailangan ninyong magsuot ng panakip sa mukha kapag umalis kayo sa inyong bahay sa halos lahat ng pagkakataon. May iilang pagkakataon na hindi kailangan ang pagsusuot ng panakip sa mukha.

Hindi ninyo kailangang magsuot ng panakip sa mukha kung:

- Mayroon kayong medikal na dahilan na pumipigil sa inyo na magsuot nito.
- Nakikipag-usap kayo sa isang taong nahihirapang makarinig at kailangan nilang makita ang inyong pagsasalita.
- Magiging mapanganib sa inyo ang pagsusuot ng panakip sa mukha sa uri ng inyong trabaho.
- Tumatanggap kayo ng serbisyo mula sa isang taong kailangang hawakan ang inyong ilong o mukha.
- Kumakain o umiinom kayo sa isang restawran.
- Nasa labas kayo na hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa mga taong hindi ninyo kasama sa tirahan.
- Nasa bilangguan kayo.

Hindi dapat magsuot ng panakip sa mukha ang mga batang wala pang dalawang taong gulang.

May mga tanong?

Mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na sentrong panrehiyon. Kung hindi nila kayo matulungan, mangyaring mag-email sa DDSC19@dds.ca.gov

Alamin pa

Basahin ang abiso ng Kagawaran tungkol sa Idineklarang State of Emergency ni Governor Gavin Newsom dahil sa biglang paglitaw ng COVID-19.

Link sa buong teksto ng patnubay: [Patnubay sa Paggamit ng mga Panakip sa Mukha](#)